

FOR FREEDOM CHRIST HAS SET US FREE

GALACIA 5:1-12

Para sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo; kaya't magpakatatag kayo at huwag pasakop na muli sa pamatok ng pagka-alipin. ²Makinig kayo! Akong si Pablo ay nagsasabi sa inyo na kung kayo'y patutuli, si Cristo ay hindi magiging pakinabang sa inyo. ³At muli kong pinatotohanan sa bawat taong nagpatuli na siya'y may pananagutang tumupad sa buong kautusan. ⁴Kayo'y hiwalay kay Cristo, kayong mga nagnanais ariing-ganap sa pamamagitan ng kautusan; nahulog kayo mula sa biyaya. ⁵Sapagkat sa pamamagitan ng Espiritu, sa pananampalataya ay naghihintay tayo sa pag-asa ng katuwiran. ⁶Sapagkat kay Cristo Jesus, ang pagtutuli o di-pagtutuli ay walang kabuluhan, kundi ang pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig. ⁷Kayo ay tumatakbo noon ng mabuti, sino ang humadlang sa inyo sa pagsunod sa katotohanan? ⁸Ang paghikayat na iyon ay hindi nagmula sa tumatawag sa inyo. ⁹Ang kaunting lebadura ay nagpapaalsa sa buong masa. ¹⁰Ako'y nagtitiwala sa Panginoon, na hindi kayo mag-iisip ng iba pa. Subalit sinuman siyang nanggugulo sa inyo ay tatanggap ng parusa. ¹¹Ngunit ako, mga kapatid, kung ipinangangaral ko pa ang pagtutuli, bakit pa ako inuusig? Kung gayon, ang katitisan ng krus ay inalis na. ¹²Ibig ko sana na ang mga nanggugulo sa inyo ay kapunin nila ang kanilang sarili.

PANIMULA

1. Ano ang isang bagay na gusto mong bilhin ngunit hindi mo mabili? Anu-ano ang humahadlang sa iyo?

Tulay sa Pag-aaral: Tayo'y mga Cristiano na. Hindi na tayo tulad ng maraming tao sa sanlibutan. Akala nila malaya sila. Ngunit alam nating tayo ang may tunay na kalayaan. Hindi na tayo tulad ng mga taong may gustong bilhin na kailangan nila ngunit hindi mabili dahil baon sa utang at hindi pa nga makabayad. Mayroon na tayong kakayahang bilhin ang kailangan natin kasi bayad na ang utang natin sa Diyos. Bukod doon, binigyan pa tayong pambili. At ang mga bagay na bibilhin natin ay hindi mga bagay na makasasama sa atin. Ito 'yung mga bagay na hindi natin pagsisisihan. Ito ang tunay na kalayaan. Makikita natin sa Galatians 5:1-12 na **tayong mga Cristiano ay mayroon nang tunay na kalayaan at dapat na mamuhay araw-araw ayon sa kalayaang mayroon na tayo dahil sa ginawa ni Cristo sa krus para sa atin.**

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 1. Ano ang layunin ng ginawa ni Cristo sa krus para sa atin? Bilang tugon dito, ano ang nais niyang gawin natin? Ano ang hindi niya nais na gawin natin?
3. Sa kalagayan ng mga taga-Galacia, ano ang ibig sabihin sa kanila ng "magpakatatag" at hindi na bumalik sa pagkaalipin? Sa panahon natin ngayon, ano ang ibig sabihin nito?
4. Basahin ang verses 2-4. Ano ang babala ni Pablo dito? Bakit sa tingin mo pursigido si Pablong ituro ito sa kanila?
5. Basahin ang verses 5-6. Ano ang tunay na pananampalataya? Bakit ito kaiba sa nais gawin ng mga taga-Galacia ayon sa impluwensiya ng mga Judaizers?
6. Sa paanong paraan nahuhulog tayo sa katulad na pagkakamali ng mga taga-Galacia? Paano natin maiiwasan ito?
7. Basahin ang verses 7-10. Ano sa tingin mo ang nais ipahiwatig ni Pablo na dapat gawin ng mga taga-Galacia sa mga gurong mali ang itinuturo sa kanila? Bakit ito ang dapat nilang gawin?
8. Basahin ang verses 11-12. Ano ang makikita nating katangian ni Pablo bilang isang apostol sa kanyang ministeryo sa mga taga-Galacia? Paano niya ipinakita ang kanyang pag-ibig sa kanila?
9. Anu-anong bagay ang napapakinggan natin sa iba na nagiging dahilan ng pagkalayo natin sa tunay na ebanghelyo? Ano ang nagiging epekto nito sa iyo?

PAGSASABUHAY

10. Ano'ng isang bagay ang ngayon ay nakapagpapahina ng iyong pananampalataya na maaaring maging dahilan ng hindi mo pagiging matatag? Ano ang gagawin mo upang manatiling nakatayo sa kalayaang tinanggap natin?